{Ang paghahalintulad sa tumatayo sa mga hangganan ni Allāh at bumabagsak sa mga ito ay katulad ng mga taong nagpalabunutan sa pagsakay sa isang daong kaya nakabunot ang ilan sa kanila ng mataas nito at ang iba sa kanila naman ng mababa nito

Ayon kay An-Nu`mān bin Bashīr (malugod si Allāh sa kanilang dalawa): {Ayon sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na nagsabi: {Ang paghahalintulad sa tumatayo sa mga hangganan ni Allāh at bumabagsak sa mga ito ay katulad ng mga taong nagpalabunutan sa pagsakay sa isang daong kaya nakabunot ang ilan sa kanila ng mataas nito at ang iba sa kanila naman ng mababa nito. Ang mga nasa mababa nito, kapag sasalok ng tubig, ay nagdaraan sa mga nasa ibabaw ng mga ito saka nagsasabi: "Kung sakaling kami ay bumutas sa bahagi namin ng isang butas at hindi na makaperhuwisyo sa mga nasa itaas namin..." Kung hinayaan nila ang mga ito at ang ninais ng mga ito, mapahahamak silang lahat; at kung pumigil sila sa mga kamay ng mga ito, maliligtas sila at maliligtas ang mga ito nang lahatan.}

[Tumpak] [Nagsalaysay nito si Imām Al-Bukhārīy]

Naglahad ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ng isang paghahalintulad para sa mga tumatayo sa mga hangganan ni Allāh, na mga nagpapakatuwid sa utos ni Allāh, na nag-uutos ng nakabubuti at sumasaway sa nakasasama; at ng paghahalintulad sa mga bumabagsak sa mga hangganan ni Allāh, na mga nagwawaksi ng nakabubuti, na mga gumagawa ng nakasasama. Ang epekto niyon sa kaligtasan ng lipunan ay katulad ng mga taong sumakay sa isang daong saka nagpalabunutan sila sa kung sino ang uupo sa mataas na bahagi ng daong at kung sino ang uupo sa mababang bahagi nito. Kaya naman nagtamo ang ilan sa kanila ng mataas nito at ang iba sa kanila ng mababa nito naman. Ang mga nasa mababa, kapag nagnais silang kumuha ng tubig, ay nagdaraan sa mga nasa ibabaw ng mga ito. Kaya nagsabi ang mga nasa mababang bahagi: "Kung sakaling kami ay bumutas ng isang butas sa puwesto namin sa mababang bahagi, na pagsasalukan namin nang sa gayon hindi na kami makaperhuwisyo sa mga nasa ibabaw namin." Ngunit kung sakaling hinayaan ang mga ito ng mga nasa mataas na bahagi na gumawa niyon, talaga sanang lumubog ang daong kasabay nilang lahat; at kung sakaling nagsagawa sila ng pagsaway sa mga ito laban doon at pumigil sila sa mga ito, talaga sanang naligtas ang dalawang pangkat nang lahatan.